# Formalistikong Paglalandas sa Ginto't Pilak (2021) nina Hidilyn Diaz at Eugene Evasco Tungo sa Pagpapahalaga sa Kinestetika at Palakasan ng Kababaihang Pilipino

Axle Christien Tugano
University of the Philippines Los Baños

Higit na pinatingkad ng kasalukuyang administrasyon ang pagmamaliit sa kakayahan ng kababaihang Pilipino na ating pinaghihirapang ibangon sa loob ng napakahabang siglo, at sa pagtatangkang ipanumbalik ang egalitaryadong lipunang prekolonyal ng mga Pilipino. Mula sa kung paano maliitin ang kapasidad ng isang babae na mamuno ng isang ahensya o bansa[1] hanggang sa kung paano ginagawang katatawanan ang kultura ng impunidad katulad ng panghihipo, panggagahasa, pananakit, pang-aabuso, at iba pang mala-patriyarkal, misogynistiko, at machismong pananaw na itinatatak sa kamalayan ng mga Pilipino. Sa likod ng unos na ito sa *Araling Pangkasarian* at higit sa lahat, sa *Araling Pangkababaihan,* hindi natitinag ang ilang mga akademiko at iskolar na tumuklas at paibayuhin ang mga babasahing magtatanghal sa dangal ng kababaihan. Sa abot ng aking nalalaman, ang akda ni Nancy Kimuell-Gabriel na *Ang Araling Kababaihan at Kasarian sa Araling Pilipino at Wikang Filipino: Kalagayan at Hinaharap* ay komprehensibong naglatag ng limpak-limpak na literaturang tumugaygay at kumakatig sa pagpapahalaga sa sektor ng

1 Sa isang artikulo ni John Carlo Santos na *Pulso ng Bayan: Reaksiyon ng mga Filipino Tungkol sa mga Piling Pahayag ni Duterte Kontra Kababaihan at ang Dulot Nito sa Pagpapaunlad ng Pamayanan*, komprehensibo nitong inilatag ang samu't saring sexistang pahayag ni Pangulong Rodrigo Duterte hinggil sa kababaihan – i.e. ang kagustuhan nitong "hindi dapat babae" ang susunod na Chief Justice ng bansa, na kanyang ipinahayag noong inihahabla si Ma. Lourdes Sereno; ang pagbibiro tungkol sa "Mayor Dapat ang Mauna" noong ni-rape ang Australyanang misyonero; ang tila-paninilip nito sa tuhod at palda ni Vice-President Leni Robredo; at napakarami pa (Santos 2021, 41-42). Naulinigan din minsan sa tila-moro-morong pahayag ni Duterte noong Enero 2021, na hindi nito pinahihintulutang tumakbo sa pagka-Pangulo ang anak na si Sara sapagkat hindi trabaho ng "isang babae" ang maging Pangulo o anumang posisyon sa pamahalaan (Lema 2021), ngunit naglaon, heto't tumatakbo ngayong eleksyon sa pagka-Bise-Pangulo ng bansa.

MABINI REVIEW | VOL. X (2021): pages 85-101
© 2021 Tugano, A.C. | ISSN 2012-2144

kababaihan, gamit ang tematikong pagsasaray – pamilya at papel ng kababaihan; buhay at pakikibaka ng kababaihang maralita; kababaihan sa migrasyon; karahasan batay sa kasarian; disaster at vulnerabilidad; kababaihan sa bilangguan; sa mass media; sa sining at panitikan; sa mundong digital; relihiyon; etnisidad; pulitika at sekswalidad; at marami pang iba (Kimuell-Gabriel 2017, 50-61). Gayumpaman, mainam pa rin na palawigin ang pag-aapuhap sa talastasang ito, bukod sa mga nabanggit, panahon na para palagpasin pa natin ang tila-Orthodox na pagtingin sa mga babae bilang isang Ina, Ilaw ng Tahanan, o Asawa. Sa pagkakataong ito, ang pagdalumat sa mga babae bilang lundayan ng "kalakasan" na madalas na naka-umang sa katangian ng isang lalaki. Ito ang hatid ng akdang pambata nina Hidilyn Diaz at Eugene Evasco na *Ginto't Pilak: Ang Kuwento ng Olympian na si Hidilyn Diaz*, nasa panayam ni Noel Ferrer, at Guhit ni Tristan Yuvienco.

**Mga Saligang Literatura**

Kumalas muna ito sa tradisyunal na pagrerebyu – kung saan ang mga akademikong aklat o artikulo ay karaniwang sinusuri at binibigyan ng merito at kritika o yaong mga pag-aaral na nasa "*high degree of scholarship*." Kailangang pagyamanin at bigyan ng halaga ang mga akdang pambata dahil sa dalawang kadahilanan. Una, ani Eugene Evasco (2011), *sa kasalukuyan, pinakamaunlad na anyo ng panitikang Filipino ang mga akdang pambata. May simplistikong paniniwalang maunlad ito dahil maraming bata sa bansa. Bawat taon, maraming sanggol ang isinisilang na magiging potensiyal na mambabasa ng aklat…* (Evasco 2011, 106-107). Pangalawa, upang mabigyan ng wastong landas ang mga bata sa kung paano basahin ang isang akdang pambata. Nabibigyan natin ng gabay ang mga bata tungo sa mas malalim, makabuluhan, at malawak na pagtingin sa isang akdang pambata na "hindi lamang ito isang simpleng akda" bagkus isang panimulang pagpapatalas o paghuhubog sa kanilang kamalayan na kanilang dadalhin hanggang sa pagtanda. Ayon kay Tiina Puurtinen (1998), ang didaktisismo ng akdang pambata ay hindi lamang ikinakahon bilang isang libangan bagkus pagpupunla rin ito ng maagang pagtuturo sa mga bata ng wastong ideya, kaasalan, at pagtingin sa mga bagay-bagay (Puurtinen 1998, 525). Mula kay Puurtinen, masisipat na isa itong gawain at responsibilidad ng mga magulang o ng mga guro na silang mag-aatang sa pormulasyon ng kaisipan ng bawat bata. Binanggit din ito ni Wennielyn Fajilan sa

kanyang *Pananalig sa Bata* (2018) na namamana ng anak ang estadong panlipunan ng kaniyang mga magulang (Fajilan 2019, 53).

Bukod sa mga nabanggit na dahilan, kailangang ipasundayag ang pagpapakilala sa mga akdang pambata. Bagama't maraming bata sa Pilipinas, naniniwala pa rin akong nananatiling marhinalisado ang panitikang ito. Sa tatluhang pagsalansan ng mga panitikan sa Pilipinas ni Priscelina Patajo-Legasto (2007), kabilang dito ay ang *Literature from the Margins* o *nonmainstream literature.* Aniya, *literature from the margins are those speak in the languages of these minoritized peoples* (Patajo-Legasto 2007, 51). Marhinalisado ang karamihan sa mga akdang pambata sapagkat para sa ilang mga nahihirati sa "*high degree of scholarship*" na pag-aaral, sa palagay nila ito ay hindi na kailangan o hindi aplikabol na bigyan ng mga rebyu. Ito ang natatanging merito ng organisasyong *Supling Sining, Inc..,* na naglalayong ipakilala sa mga batang Pilipino ang literatura, dula, sining biswal, musika, at iba pang mga anyo (Supling Sining, Inc., w.tn). Bukod dito, naglalabas din ito ng aklat ng kalipunan ng mga rebyu sa mga akdang pambata na isinusulat ng mga akademiko at iskolar taun-taon. Minsan na akong nakapag-ambag sa proyektong ito ni Dr. Rosario Torres-Yu, Professor Emeritus mula sa College of Arts and Letters, U.P. Diliman. Sinulat ko ang akdang *Pagsipat sa Katuturang Historikal ng Isang Akdang Pambatang Iniluwal Ngayong Pandemya* (2021) upang suriin ang akdang *Papuntang Community Pantry (Off to the Community Pantry)* (2021) nina Eugene Evasco at Aldy Aguirre.[2] Kabilang ang huli sa mga akdang iniluwal ngayong COVID-19 Pandemic. Sumibol din ang akdang *Ang Nanay kong Drayber* (2020) nina Reina Beatriz Peralta at Pepot Atienza[3] na binigyan ng akademikong rebyu ni Mark Joseph Santos sa kanyang *Panitikang Pambata Bilang Kasangkapan ng Pagbabalik-Loob sa Egalitaryong Sistema ng Sinaunang Pamayanang Pilipino* (2021). Ang dalawang rebyung ito ay nag-

---

2 Sa panahon na naging laganap ang pagtatayo ng mga *Community Pantry*, itinampok ng kwento ang mahalagang papel ng babae. Bukod sa babae ang nakaisip ng ideyang ito, itinanghal din ang isang/mga "Ina" na siyang/silang gumagawa ng paraan upang maging posible ang *Community Pantry* sa komunidad.

3 Ang kwento ay umikot sa pagsasalaysay ng tauhang si Billy habang tinutulungan niya ang kanyang nanay na noo'y nagmamaneho ng dyip. Sa paligid nito, nakikita rin ni Billy ang ilang kababaihang gumagawa ng mga trabahong kadalasan ay para sa lalaki – *construction workers*, pagtitinda ng balot o taho, iba pa.

ambag sa kung paano tingnan at itatampok ang mahalagang papel ng kababaihan sa produksyon. Gayumpaman, *Araling Pangkasarian* at *Araling Pangkababaihan* din ang naging trajektori ng dalawang rebyu ni Emmanuel Jayson Bolata ng Departamento ng Kasaysayan, U.P. Diliman. Unang sinuri sa rebyung *Sipat sa Sapot: Mula Pagsagka sa Patriyarkal na Pandarahas Tungong Paglikha ng Mapagpalayang Anyo ng Pagkalalake* (Bolata 2017a) ang akdang *Ang Nag-iisa at Natatanging si Onyok* (2015) nina Eugene Evasco at Jomike Tejido. Sumunod ang rebyung *Pagbibigay Tinig sa Kadalasang Tahimik: Si Oriang Bilang Bayani sa Panitikang Pambata* (Bolata 2017b) sa akdang *Ang Lakambini at Ako* (2016) nina Becky Bravo at Joza Nada. Bagama't bilang pa lamang, panimula na itong pagpupunla ng makabago at napapanahong uri ng *book review* na tutuon sa mga akdang pambata. Kung kaya't panibagong ambag ang rebyung ito – na sesentro sa *Araling Pangkasarian* at *Araling Pampalakasan* na magtatampok muli sa kababaihan.

Isang masalimuot at mahirap na gawain ang ituro sa murang gulang ang usapin ng kasarian. Sa kasalukuyang panahon ng teknolohiya, kung saan mabilis na nababasa o napapanood ng mga bata ang mapanganib at nakakabahalang pahayag tungkol sa mga babae, na marahil para sa kanila ay isang "norm" ang mga biro, larawan, sayaw, at awiting sumisikil at nag-oobjectify sa kababaihan. Kaya't dito natin makikita ang pagsalag ng mga akdang pambata sa mga ganitong pangkaisipang panganib – mga natatanging akdang direktang magtuturo ng kawastuhang pagtingin sa kababaihan.

### Formalistikong Paglalandas sa *Ginto't Pilak*

Binubuo ng 43-pahina ang akdang pambata na patungkol sa buhay ng Pilipinang atleta na si Hidilyn Diaz. Gayumpaman, maraming istruktura o paraan ang maaaring katigan upang mabigyan ng formalistikong pagbasa ang akdang katulad nito. Ayon kina Margo Wilson at Kay Bishop (1999), sa pagsusuri ng isang akdang pambata, maaaring tumuon sa deskriptibong naratibo ng nilalaman; punto-de-bista- ng manunulat; paghahambing sa ibang akdang pambata; sa mga personal na opinyon; kalakasan at kahinaan ng akda; at paghahatol sa kalidad nito (Wilson at Bishop 1999, 10), halimbawa ang pagsipat sa *social utility* ng isang akdang pambata. Batay sa resulta ng pag-aaral nina Wilson at Bishop, tradisyunal ang nagiging lapit – deskriptibo at nasa hulihan ang pagsusuri sa kalidad. Para sa akin, ang kalidad ng isang akdang pambata ay nasusukat sa *social utility* nito – sa kung

paano mapapakinabangan ng lipunan ang nilalaman ng akda. Kumalas sa deskriptibong pagsusuri ang rebyung ito, bagkus hinati ito sa tatlong bahagi – (1) pagtatahi ng akdang pambata sa Maka-Pilipinong anyo ng pagkukwento ng buhay; (2) formalistikong pagbasa sa katawang babae gamit ang mga Pilipinong dalumat at konsepto; at (3) pagbasag ng akda sa banta ng mga esteriotipo sa usapin ng kasarian.

## I. Tinahi ng *Ginto't Pilak* ang Masaklaw na *Kasaysayang Buhay*

Ipinakilala ng akdang ito si Hidilyn Diaz sa mga bata sa anyo ng pagkukwento ng buhay. Sa unang sipat, itinuro ang maagang pagpapakilala sa mga bata ng isang "talambuhay." Hindi lamang ito isang tipikal na *biografia, biographie,* o *biographia* na sistematikong agham na tumutuon sa pag-aaral at pagsusulat ng talambuhay ngunit kadalasang nakapako sa elit-sentrikong perspektiba sa pananalambuhay na nagmula sa Kanluran (Javar 2016, 1-2), ngunit isang Kasaysayang Buhay (Navarro 2000, 5) na maka-Pilipinong paraan na pagsusulat ng talambuhay. Kumalas ang akda sa tipikal na talambuhay na kadalasang sinisimulan sa kapanganakan, pag-aaral, karera, mga natatanging ambag, at kamatayan, o panay makukulay na buhay na kung tutuusin ay mababakas sa talambuhay ng isang tanyag at elit na indibidwal. Hindi katulad ng ilang mala-hagiograpikong talambuhay na ipinapakilala sa mga bata, na puro halos pagreretoke at selektibong paghahayag ng magagandang katangian ng isang indibidwal, ang akdang ito nina Diaz at Evasco ay hayagang naging tapat sa tipikal at totoong buhay at danas ng isang ordinaryong Pilipino – isang talambuhay na batbat ng paghihirap, pagsubok, at pagtagumpay na talaga namang dapat ituro sa kabataang Pilipino.

Sa aking pagbasa, ibinahagi ang talambuhay ni Hidilyn Diaz sa anyo ng *In media res.*[4] Mula sa hiniram na modelo nina Carl Tomlinson at


4 Ilan sa mga halimbawa ng mga literaturang *In media res* ay ang Hamlet (1599-1601) ni William Shakespeare kung saan sinimulan ang kwento pagkatapos mamatay ng ama ni Hamlet; ang *Iliad* (nagsimula sa Digmaang Trojan) at *Odyssey* (nagsimula sa pagkakabihag ni Odysseus sa Isla ng Calypso) ni Homer; at ang *Mahabharata* ng India. Sa Pilipinas, isang magandang halimbawa ng literaturang *In media res* ay ang awit na *Florante at Laura* (1838) ni Francisco Balagtas kung saan nagsimula ang kwento sa pagkakagapos ni Florante sa madilim at masukal na kagubatan ng Albania.

Carol Brown sa akdang *Essentials of Children's Literature* (2002), makikita ang pagsisimula ng kwento sa gitnang bahagi at pagkatapos doo'y babalikan ang mga naunang kaganapan sa buhay ng tauhan (larawan 1).[5] May kahiligan si Evasco sa *In media res,* una niya na itong ginawa sa kwento ni *Onyok* (2015) nang unang itampok ang laban ng tauhan at magbabalik-tanaw sa kanyang karanasan sa San Felix, at muling babalik ang kwento sa laban (Bolata 2020, 210-211). Ayon sa aking pakikipag-usap kay Evasco (2021), *boring* ang simulain kaya't mas mainam kung itutuon ang kwento sa gitnang bahagi. Pauna niya na itong naipaliwanag sa kanyang *Mga Hamon at Suliranin sa Pagsulat ng Kuwentong Pambata* (2006). Ayon sa kanya, karaniwan ang padron ng mga akdang pambata, *mithi-balakid-kapalaran* (Evasco 2006, 109) na posibleng maging linyar ang kabuuang daloy mula sa simula, kalagitnaan, at wakas. Kung kaya't mainam ding pansinin ang pagkatig nito sa *In media res* bilang reoryentasyon ng paglalahad. Madaling mauunawaan ng kabataan, kahit nasa *In media res,* ang buhay ni Hidilyn nang banggitin ang tagumpay nito – isang karangalan noong 2012 na siya'y tanghalin bilang *Flag Bearer* ng Team Philippines noong 2012 Summer Olympics sa London na kalauna'y magdadala sa kanya upang tanghalin bilang kauna-unahang taga-Mindanao at kauna-unahang Pilipina na nagwagi ng medalya sa Olympics noong 2020 (p. 6). Pagkatapos nito'y bilang bahagi ng eksposisyon, itinampok sa mga batang mambabasa ang kinamulatang lugar at pamilya ni Hidilyn. Ideyal ang paglalatag nito sapagkat mayorya ng kabataang Pilipinong nangangarap ay nasa laylayan. Sa Barangay Mampang, Zamboanga del Sur nagdalaga si Hidilyn, mula sa heograpikal na katangian ng lugar na napapalibutan ng karagatan ay kabalintunaang salat naman sa mapagkukuhanang tubig (p. 9). Kaya't kinakailangan nitong tumungo sa malalayong lugar upang mag-igib ng tubig na maiinom. Sabay na ipinakilala ni Hidilyn ang kanyang magulang – ang kanyang Papang na namamakyaw ng isdang ilalako at ibebenta sa karatig-barangay ng Zamboanga City (p. 11) at ang kanyang Mamang na kasama niya minsang magbenta ng talong, kalabasa, at mais sa tiangge (p. 12). Liban sa pagtulong sa mga magulang, naglilinis din minsan ng pampasadang dyip at tricycle si Hidilyn upang makakuha ng dagdag kita (p. 13). Gayumpaman, itinuro ng akdang ito na hindi kinakailangang isakripisyo ang edukasyon sa kabila ng pag-abot ng pangarap sapagkat si Hidilyn mismo ay nag-aaral kahit salat ang baon nito (p. 16).

5 Pasasalamat kay Emmanuel Jayson Bolata ng U.P. Diliman sa tulong na ito.

**Larawan 1**

*Buhay ni Hidilyn Diaz ayon sa modelo nina Tomlison at Brown (2002)*




Sa mga akdang pambata, maituturing na climax ang pagtupad sa suliranin (sa anyo ng pangarap). Sa murang edad ni Hidilyn ay nagpaturo ito sa kanyang pinsang si Catalino Diaz Jr. sa weightlifting (p. 19) sa kabila ng pangungutya sa kanya (p. 20). Kasabay na itinuro sa mga batang mambabasa ang kahalagahan ng maayos na pagkain, pamumuhay, at pag-aalaga sa kalusugan (p. 34) upang makamit ang pangarap. Ang ganitong sakripisyo ni Hidilyn ay nagdala sa kanyang tagumpay upang sumali sa iba't ibang patimpalak kaya't unti-unti na nitong napapagawa ang kanilang tahanan (p. 31).

Panghuli, isang resolusyon ng Kasaysayang Buhay ni Hidilyn na kailangang maulinigan ng mga batang babasa nito ay ang tagumpay nito bilang isang atleta. Unang lumabas si Hidilyn sa Maynila upang maging kasapi ng National Team na inaasahang lalaban sa Asian Games noong 2010 (p. 32). Sumunod dito ay ang pagkamit ng tansong medalya at dalawang pilak sa 58-kilogramong weightlifting sa tatlong magkakahiwalay na Southeast Asian Games (p. 36); pagsungkit sa mailap na medalyang pilak sa 2016 Rio Olympics sa Brazil (p. 38); gintong medalya sa 2018 Asian Games (p. 39) na ginanap sa Jakarta, Indonesia; isa pang gintong medalya sa 2019 Southeast Asian Games (p. 39); at ngayo'y kauna-unahang atletang Pilipinong nakasungkit ng gintong medalya sa Olympics noong 2020 sa Tokyo, Japan.

Ang Kasaysayang Buhay ni Hidilyn ay hindi lamang kwento ng kanyang sarili bagkus maging ng ibang kabataang Pilipino na

nangangarap na maging katulad niya. Ito rin ang kanyang dahilan kung bakit niya binuo ang Hidilyn Diaz Weightlifting Open Championship upang humanap ng mga potensiyal na kampeon (p. 40). Samakatuwid, ang *danas* ni Hidilyn ang primaryang sinalungguhitan ng akda upang maging *danas ng iba*. Ayon sa teologong si Jose de Mesa (2017), nagdudulot ang magandang *karanasan ng sarili* sa maayos na pagbabahagi ng *danas sa kapwa*. Korelatibo ang relasyon ng *danas ng sarili* at *danas ng kapwa*. Kapupulutan ito ng aral at umiiral ang ganitong ugnayan ng karanasan kung dumarating ang pagkakataon na tila bagang sumasalamin o mayroong pagkakahalintulad ang kanilang karanasan sa sarili nating mga karanasan (de Mesa 2017, 11). Kaya't walang dudang hindi lamang *tala ng buhay* ni Hidilyn ang hatid ng akdang ito para sa mga bata bagkus isa ring *tala ng karanasan*.

Sa tinukoy kong *Pagpupunla ng Pangarap*, naghatid ito sa kabataan na pahalagahan ang kasabihang *Follow Your Dreams* na nakaumang sa konsepto ng *Kalayaan*. Kalayaan ng bawat bata na tuparin ang kanyang pangarap. Ayon kay Leonardo de Castro (1995), nadarama ng tao ang *laya* kung ito ay namimili o lumilinang ng kapasyahan (de Castro 1995, 81-82). Gayumpaman, dapat ding maunawaan na mahalaga sa pananagutang moral ay hindi lamang ang pagkawala ng mga hadlang sa pagkilos bagkus pati na ang kakayahang lumikha ng mga sariling pagpapasya at desisyon. Itinuro ni Hidilyn sa kabataan na ang pangarap ay hindi lamang pinagpapasyahan ngunit isinasabuhay.

### II. *Lakas* at *Kinestetika* Bilang Stimulo ng Katawang Babae

Subukang panoorin ang Netflix Series na *Squid Game* (2021) ng South Korea kung saan ang 456 na manlalaro ay sumasabak sa mga nakakamatay na uri ng larong pambata kapalit ng ilang bilyong pera. Sa ika-apat na episode, *Stick to the Team*, maglalaro ang mga kalahok ng *Tug of War,* dito'y kaliwa't kanang maririnig ang pag-iwas sa mga babae upang maging bahagi ng kanilang team. Anila, kinakailangang puro lalaki ang manlalaro at walang babae sapagkat sila ay mahihina, walang lakas, o magiging dahilan lamang ng pagkatalo. Ang ganitong esteriotipo ay mababakas din sa lipunang Pilipino. Sa kung paano iniiwasan ang mga batang babae na maging kakampi sa tuwing naglalaro tayo noon ng *Agawan Base, Mataya-Taya,* o *Tagu-Taguan,* at tila ikinulong sila sa mga larong *Chinese Garter, Erap Laki Mata – Gloria Laki Nunal,* at *Bahay-Bahayan.* Sinikil sila ng patriyarkal na lipunan at


kagya't na iminarka sa mga larong pambata ang pagkakaiba nito batay sa kasarian.

Nagpakatianod ang mayorya sa retorika na ang *kalakasan* at *kinestetika* ay mayroong kaakibat na kasarian – *i.e.* ang maliksi, mabilis, at malakas ay panglalaki samantalang ang mabagal, mahina, at hindi malakas ay pambabae. Sa tuwing mabagal tumakbo ang isang lalaki, mabilis nating sabihing *para ka namang babae.* Gayundin, sa tuwing nabubuhat ng isang babae ang kalahating kaban ng bigas, ganoon din natin kabilis sabihing *para kang lalaki.* Ang ganitong esteriotipo ay kailangan nang patayin sa maagang kamalayan ng mga bata. Kaya't mahalagang balikan ang sinabi noon ni Judith Butler (1999) na *gender is not a noun, it is performative,* isang harayang darating ang panahon na ang diwa ng *kalakasan* ay wala ng kasarian. Kung gayon, mahalaga ang mensaheng hatid ng akdang *Ginto't Pilak,* itinatak nito sa kamalayan ng mga batang babasa ang *lakas* at *kinestetika* na tangan ng mga *katawang babae* sa katauhan ni Hidilyn. Lumaki siya nang bumubuhat ng mabibigat na timba ng tubig (p. 9) at palanggana ng mga isda (p. 11); bumuhat ng mga barbel na naging dahilan upang tumibay ang kanyang mga braso, balikat, at hita (p. 25); at kalauna'y nakabubuhat ng mga barbel na kasimbigat niya ng apat na beses o katumbas ng apat na punumpunong balikbayan box (p. 36).

Sa mga larawan ni Hidilyn sa akdang ito, na naglalakihang mga biyas at braso ay ehemplo ng isang *katawang babae* na nakaumang sa ugnayan ng *lakas ng katawan* at *lakas ng diwa*.[6] Ang mga atletang katulad niya ay mayroong pagkatao na sabay na pinauusad ang *lakas ng katawan* at *lakas ng diwa* (larawan 2). Binubuo ang pagkatao ng mga atleta ng diwa (hindi nakikita at nahahawakan) at katawan (nakikita at nahahawakan). Ang *diwa* ay nagsisilbing ugat sa lahat ng kaasalan (Jocano 1983) at dahil sa hindi nakikita o nahahawakan ang *diwa*, kaya't kailangan natin itong pangalagaan. Walang ibang nakakabatid at nakakaakses ng *diwa* kundi ang ating sarili kaya't kailangang maging maayos ang *loob* (katulad ng totoo ang *loob*; hindi huwad ang *loob*; hindi nagpapanggap ang *loob*) nang sa gayo'y magkaroon ng mas higit na maayos na *diwa* (Jocano 2000, 85-118). Totoo ang *loob* ni Hidilyn kaya't nakamit nito

6 Direktang sinipi ang pagdadalumat ukol dito sa Axle Christien Tugano, *Ang Marikina Sports Complex Bilang Espasyo ng Kasaysayan, Kalinangan, at Palakasang Marikeño*, di-limbag na manuskrito, 2019.

**Larawan 2**
*Ugnayan ng Lakas ng Katawan at Lakas ng Diwa*
*(Tugano 2019, rebisa 2021)*




ang maayos na *diwa* at *katawan*. Ayon sa kanya, *kapag ginusto ko ang isang bagay, ang mabibigat ay parang gumagaan* (p. 34). Isa lamang ang *diwa* sa mga aspektong pumapaloob sa pamantayan ng isang Pilipino (Jocano 2000, 24). Tiningnan kong sub-salik na pumapaloob sa *diwa* ang *kamalayan* (*malay=consciousness*); *kaalaman* (*nalalaman=knowledge*); at *kadamdaminan* (*damdamin/ nararamdaman=feelings*). Lahat ng ito'y maaaring kontrolin ng isang indibidwal (*i.e.* maging totoo o peke ang patrato sa mga ito) kaya't naipapamalas ito sa pamamagitan ng *katawan*. Sa pamamagitan ng mga bahagi ng *katawan*, lumilitaw ang mga bagay na nakakubli sa *diwa*. Sa pamamagitan ng mata, nababatid natin ang *kamalayan*; sa utak, nasusukat ang *kaalaman*; at sa laman (balat), masasabing *nararamdaman* ang dapat nating maramdaman.

Sa kabila ng nagtatalaban ang *diwa* at *katawan* sa pagkatao ng isang atleta, hindi ito gagana kung walang *kalakasan* ang mag-uuganay sa kanila. Ang *lakas* ay isang katangiang nagpapakita ng pagiging matapang (*i.e. lakas ng loob*). Ang *diwa* ay nagbibigay ng lakas sa *katawan* upang isabuhay ang mga bagay na hindi nito kayang isakatuparan dahil hindi iyon ang may kapasidad na gawin ito. Dito

maaaring ipasok ang determinasyon at katatagan ng mga atletang may *pagkatao*. Sa pamamagitan ng *diwa*, naiisip niyang lumaban pa gamit ang kanyang *katawan*. Lumalabas ito halimbawa na kapag pagod ang isang tao, kapag sinabi ng iyong *diwa* na *kaya mo pang kumilos* ay siya ring gagawin ng ating *katawan*. Gayundin ang *katawan* na nagbibigay ng lakas sa *diwa*. Dahil ang *katawan* ay may kakayahang gumalaw o kumilos kung kaya't nagagawa nating maisakatuparan ang layunin. Nagkakaroon ng satispaksyon ang ating pangarap na nasa antas ng *diwa* kung napagtagumpayan na abutin ito sa pamamagitan ng pagkilos. Sa ganitong pagkakataon, matatahimik ang *diwa* dahil nairaos nito ang layunin. Anupaman, kasunod na magkakaroon ng satispaksyon ang *katawan* dahil payapa na ang kanyang *diwa*. Halimbawa kapag may hinahabol tayong mga dedlayn kung kailan nagpupuyat tayo at sa oras na hindi naabot ng ating *katawan* ang lakas upang tapusin ito, maguguIo ang *diwa* at masisiraan tayo ng *loob*. Kung gagamitin bilang halimbawa ang *katawang babae* ni Hidilyn at ng kababaihang atleta, lahat sila ay mayroong nagkakaisang *diwa*. Tipikal na makikita sa kanilang *diwa* ang *pangarap*, *layunin*, *kamalayang makaalpas*, at iba pa. Sa madaling salita, siklikal o sirkular ang daloy ng distribusyon ng *kalakasan* sa *diwa* (*lakas ng diwa*) at *katawan* (*lakas ng katawan*). Ibig sabihin, nagtatalaban sila kung may magsisilbing tulay upang *magtalaban sila*. Maituturing na nagsasarili ang kanilang kasaklawan ngunit sa oras na maging maayos ang sirkulasyon, makakamit ng isang atleta ang *kaginhawaan*.

### III. Pagbasag ng *Ginto't Pilak* sa Mito ng Pagkababae

Gayundin, mahirap ituro sa bata kung ano o paano ang *pagkababae* ng isang *babae* kung patuloy silang nadodominahan ng mga mayoryang makitid ang pag-unawa sa kasarian. Madalas kasing ikintal sa atin na ang isang babae ay maamo, matiisin, ang proberbyal na mabait o mabuti o hayaang hiramin ang termino ni Rolando Tolentino ukol dito bilang *perpetwal na birhen* (Tolentino 2000, 63). Isa pa, sa maagang pagmulat ng mga bata, paniguradong naituro na sa kanila ang mga laruang dapat laruin – manika o *Barbie*, lutu-lutuan, *Paper Doll*, at hindi maaaring laruin ang *robot*, kotse, o bola. Sa isports, dapat daw ay *volleyball* at hindi magandang tingnan ang babaeng nagboboksing at nag*babasketball*. Sa damit, dapat daw ay nakapalda, naka-*skirt*, o naka-d*ress* at hindi magandang tingnan ang naka-*shorts na* panlalake. Sa propesyon, pambabae raw ang pagtuturo, nars, o *caregiver* at hindi

pambabae ang pagsusundalo, *engineer*, o pagpupulis. Ang ganitong irasyunal at atrasadong pagtingin sa kasarian ay pumaparalisa sa progresong dapat umiiral na ngayon sa lipunang Pilipino. Masusuplong sana ang ganitong karupukan kung maituturo na sa kabataan ang mga babasahing magbibigay liwanag dito.

Isang magandang halimbawa ang *Ginto't Pilak* sa mga akdang pambatang kakatig sa ganitong paghaharaya. Si Hidilyn ay isang halimbawa ng *Kanya-Kanyang Pagkababae ng mga Babae*, na bumasag sa naghaharing pananaw kontra sa kanilang sektor. Bata pa lamang si Hidilyn, pinipigilan na siyang magbuhat. Sa kabila ng kagustuhan nitong maging weightlifter, sinasabihan siyang maglaro na lamang ng manika o mag-igib na lamang ng tubig (p. 20). Ang mismong Ina nito ang nagsabi noon sa kanya na hindi kaya ni Hidilyn ang magbuhat, hindi iyon gawaing pambabae, at magiging katawang-kargador lamang siya (p. 26). Kailangang magkaroon ng kontra-diskurso na ang *pagkababae* ay hindi lamang nasusukat sa istruktura ng katawan. Ibinangon ni Hidilyn ang katawang malalaman, maskulado, at malalaki na tunay na babasag sa esteriotipo na kinakailangang balingkinitan at maliliit ang baywang ng isang babae. Problematiko pa rin talaga ito sa lipunang Pilipino. Subukang tingnan ang mga naggagandahang kandidata sa *Binibining Pilipinas* o pambato ng ating bansa sa *Miss Universe*, kung saan balingkinitan, maliit ang baywang, at matatangkad. Bagama't hindi ako nakasisiguro sa *guidelines* ng mga paligsahang ito, napaisip akong makakapasok o pahihintulutan kaya ng ating bansa na maging kandidata natin ang isang maskulada o babaeng may malalamang braso? Marahil hindi, dahil tunay na nakapako ang mayorya sa istandard na kanilang pinaniniwalaan.

Gayundin sa kulay ng balat. Itinuro tayo ng akdang *Ginto't Pilak* sa kung paano tingnan ang *kulay* ay walang kinalaman sa *kasarian*. Isang tukso noon kay Hidilyn ay Morita (p. 14), madumi raw siyang tingnan, pawisan, kupas, at may mantsa ang damit, sunog ang kanyang balat dahil sa babad sa araw, magulo, at walang-ayos para sa isang babae (p. 15). Ang ganitong esteriotipo sa kulay ay maituturo natin sa mayoryang nagpapakatianod sa paniniwalang ang *kaputian* at *kalinisan* ay larawan ng isang *kagandahan* at *pagkababae*. Sa ngayon, nabubulag ang ilan sa atin sa ganitong diskurso kaya't walang duda kung bakit tayong mga Pilipino ay halos nagkakandarapang pumuti, bumibili ng mga *whitening soap*, umiinom o nagpapaturok ng *glutathione*, at maging

sa *mass media* ay ginagawang istandard ng kagandahan ang kaputian (Limos 2019). Maging sa mga pelikula, ang mga hindi mapuputing balat ay mabilis na mabibigyan ng role bilang katulong, drayber, o kriminal. Isang nakakabahalang pahayag ay mababakas mismo sa ilang teksbuk na pang-Elementarya. May isang aklat na lumabas noong 2018 tungkol sa mga "Miyembro ng Pamilya," doo'y pinagsasalita ang Nanay sa ganitong pahayag, *unlike most Filipinos, she has curly hair that makes her more beautiful. She looks like a mestiza with her pointed nose and white fair skin* (Macasero 2018). Delikado kung mismong ang sangay ng edukasyon ang nangangalansag at nagpapakilala sa ganitong kapurulan. Ayon sa sosyolohistang si John Macionis (2004), ang edukasyon o paaralan ang primaryang nagdidikta at humuhubog sa kung paano paniniwalaan ang isang ideolohiya (Macionis 2004, 369-370). Kung gayon, ang mga akdang pambata na katulad ng *Ginto't Pilak* ay makatutulong upang ireporma ang ganitong seryosong suliranin ng ating identidad.

**Pangwakas: Pagsasakapangyarihan at Paghawan ng Landas sa Kaalaman Tungkol sa Kababaihang Atleta**

Makabago at napapanahon ang pagkakalabas ng *Ginto't Pilak* sa kasalukuyang sitwasyon kung saan, katulad ng nabanggit sa panimula, dominasyon ng Sexistang pamunuan at sa panahon kung kailan halos kinakapos ang suporta sa ating mga atleta. Sa kabila ng naging pahayag ni Hidilyn, *Pakiramdam ko, buhat ko ang dangal ng ating bansa* (p. 6), ay siya sanang mabibigyan din ng pamahalaan ng dangal ang ating mga atleta sa panahong sila'y nagsisimula pa lamang, nangangailangan ng suportang moral at pinansiyal, at iba pa. Tinurol din ng *Ginto't Pilak* ang makabagong pagtingin sa isang *katawang babae* at *lakas ng babae* na lagpas pa sa pagiging *tipikal na babae*. Hinawan nito ang ating kaalaman upang mabuksan ang interes na pag-aralan ang *Kasaysayang Sektoral*, *Kasaysayang Buhay*, at *Araling Pangkababaihan* na direktang tutuon sa *Palakasang Pilipino*. Hindi bago ang isang Hidilyn Diaz, nagkaroon na tayo ng Lydia de Vega (*Asia's Fastest Women for 8 Years*); Akiko Thompson (*7-Time Southeast Asian Games Gold Medalist*); at Bong Coo (*Four-Time Ten-Pin Bowling World Champion*) na kapwa noong *2019 SEA Games* ay nagbuhat ng Federation Flag (*Look: Sports Legends 2019*); at marami pang iba. Gayundin ang papausbong na kababaihang atleta katulad nina Alex Eala (*tennis*); Irish Magno (*boxin*g);

Jack Danielle Animan (*basketball*); Margielyn Didal (*skateboarding*); Shai del Campo (*football*); Meggie Ochoa (*jiu-jitsu*) (Morales 2020); at marami pang iba – na katulad ni Hidilyn Diaz, ay kailangang bigyan ng pagpapahalaga at pagkilala bilang mga *Malalakas na Babaeng Atletang Pilipino*. Darating ang panahon, na hindi na nating gagamitin ang *First Filipino Woman Complex*, kundi *Isang Pilipino* na lamang, yaong tila walang pinagkakautangang anyo o nagsasariling identidad, upang kilalanin ang extraordinaryong lakas ng mga babae.

## SANGGUNIAN


"LOOK: Sports legends carry SEA Games Federation flag." *CNN Philippines,* 30 Nov. 2019, https://cnnphilippines.com/news/2019/11/30/LOOK--Sports-legends-carry-SEA-Games-Federation-flag.html.

Butler, Judith. *Gender Trouble: Feminism and the Subversion of Identity*. London: Routledge, 1990.

Bolata, Emmanuel Jayson. "Sipat sa Sapot: Mula sa Pagsagka sa Patriyarkal na Pandarahas Tungo sa Paglikha ng Mapagpalayang Anyo ng Pagkalalake." *Saliksik E-Journal,* vol. 6, no. 2, 2017a, pp. 305-324.

Bolata, Emmanuel Jayson. "Pagbibigay-Tinig sa Kadalasang Tahimik: Si Oriang Bilang Bayani sa Panitikang Pambata." *Saliksik E-Journal,* vol. 6, no. 2, 2017b, pp. 325-344.

Bolata, Emmanuel Jayson. *Hindi Lang Basta Bata: Mga Pananaliksik at Panunuri sa Kasaysayan at Panitikang Pambata.* Quezon City: Sentro ng Wikang Filipino, 2020.

Bravo, Becky, author and Joza Nada, illustrator. *Ang Lakambini at Ako.* Adarna Book Services Incorporated, 2016.

Castro, Leonardo de. *Etika at Pilosopiya sa Kontekstong Pilipino*. Quezon City: University of the Philippines Press, 1995.

Evasco, Eugene. "Mga Hamon at Suliranin sa Pagsulat ng Kuwentong Pambata." *E-mahinasyon at E-Salin: Mga Malikhaing Pamamaraan sa Pagsulat at Pagsalin,* edited by Lilia Antonio, Florentino Iniego Jr., and Roberto Tangco, Quezon City: University of the Philippines Sentro ng Wikang Filipino, 2006, pp. 103-128.

Evasco, Eugene. "Pag-akda at Pagkabata: Ang Namamayaning Tunguhin at Estetika sa Panitikang Pambata ng Pilipinas." *Humanities Diliman,* vol. 8, no. 2, 2011, pp. 105-144.

Evasco, Eugene. Personal na Komunikasyon ni Axle Christien Tugano sa e-mail, Disyembre 2021.

Evasco, Eugene, author and Aldy Aguirre, illustrator. *Papuntang Community Pantry (Off to the Community Pantry*). Lampara Publishing House, Inc., 2021.

Evasco, Eugene, author and Jomike Tejido, illustrator. *Ang Nag-iisa at Natatanging si Onyok.* Lampara Publishing House, Inc., 2015.

Fajilan, Wennielyn. "Pananalig sa Bata: Ang Paghahawan ng Landas para sa Pagtataguyod ng Panitikang Pambatang Filipino ng mga Muling Pagsasalaysay at Saling Pambata ni Jose Rizal." *Katipunan Journal,* vol. 3, no. 1, 2018, pp. 52-88.

Javar, Roderick. "Kasaysayang Buhay: Pananaw, Pamamaraan, Pananaliksik." *Saliksik E-Journal,* vol. 5, no. 2, 2016, pp. 1-47.

Jocano, F. Landa. *Diwa: The Spiritual Core of Filipino Value System.* Quezon City: Punlad Research House, 1983.

Jocano, F. Landa. *Filipino Value System.* Quezon City: Punlad Research House, 2000.

Kimuell-Gabriel, Nancy. "Ang Araling Kababaihan at Kasarian sa Araling Pilipino at Wikang Filipino: Kalagayan at Hinaharap." *Saliksik E-Journal,* vol. 6, no. 2, 2017, pp. 1-96.

Lema, Karen. "Philippines' Duterte says presidency no job for a woman." *Reuters,* 14 Jan. 2021, https://www.reuters.com/article/us-philippines-duterte-idUSKBN29J21U.

Limos, Mario Alvaro. "A History of Why Filipinos Are Obsessed with Skin Whitening." *Esquire,* 26 Apr. 2019, https://www.esquiremag.ph/life/health-and-fitness/why-filipinos-obsess-over-skin-whitening-a00293-20190426.

Macasero, Ryan. "Elementary school textbook says Western features make a person more beautiful." *Coconut Manila,* 1 Feb. 2018, https://coconuts.co/manila/news/govt-approved-textbook-says-western-features-makes-person-beautiful/.

Macionis, John. *Society: The Basics*. New Jersey: Pearson Education, 2004.

Mesa, Jose de. "Kapag ang Ganda ang Pag-uusapan: Mungkahi para sa Dulog at Paraan ng Mabathalang Pag-aaral." *Ang Maganda sa Teolohiya,* edited by Jose de Mesa, Estela Padilla, Levy Lanaria, Rebecca Cacho, Yuri Cipriano, George Capaque, and Timoteo Gener, Quezon City: Claretian Communications Foundation, Inc., 2017, pp. 1-21.

Morales, Luisa. "10 Filipina athletes you should know about." *Philstar Global,* 25 Mar. 2020, https://www.philstar.com/sports/2020/03/25/2003344/ten-filipina-athletes-you-should-know-about.

Navarro, Atoy. "Ang Bagong Kasaysayan sa Wikang Filipino: Kalikasan, Kaparaanan, Pagsasakasaysayan." *Bagong Kasaysayan: Mga Pag-aaral sa Kasaysayan ng Pilipinas,* vol. 11. Quezon City: Palimbagan ng Lahi, 2000.

Patajo-Legasto, Priscelina. "Literatures from the Margins: Reterritorializing Philippine Literary Studies." *Philippine Postcolonial Studies: Essays on Language and Literature, Second Edition,* edited by Cristina Pantoja Hidalgo and Priscelina Patajo-Legasto, Diliman, Quezon City: The University of the Philippines Press, 2007, pp. 40-55.

Peralta, Reian Beatriz, author and Pepot Atienza, illustrator. *Ang Nanay Kong Drayber.* Lampara Publishing House, Inc., 2020.

Puurtinen, Tiina. "Syntax, Readability and Ideology in Children's Literature." *The Corpus-Based Approach,* vol. 43, no. 4, 1998, pp. 524-533.

Santos, John Carlo. "Pulso ng Bayan: Reaksiyon ng mga Filipino Tungkol sa mga Piling Pahayag ni Duterte Kontra Kababaihan at ang Dulot Nito sa Pagpapaunlad ng Pamayanan." *Dalumat E-Journal,* vol. 7, no. 1, 2021, pp. 40-64.

Santos, Mark Joseph. Panitikang Pambata Bilang Kasangkapan ng Pagbabalik-Loob sa Egalitaryong Sistema ng Sinaunang Pamayanang Pilipino. Di-limbag na manuskrito, 2021.

Squid Game, directed and written by Hwang Dong-hyuk. Netflix, 2021.

Supling Sining Inc. "Supling Sining Inc., Nonprofit Organization." *Facebook Supling Sining Inc.,* w.tn, https://m.facebook.com/SuplingSiningInc.

Tolentino, Rolando. *Richard Gomez at ang Mito ng Pagkalalake, Sharon Cuneta at ang Perpetwal na Birhen at Iba Pang Sanaysay Ukol sa Bida sa Pelikula Bilang Kultural na Texto*. Pasig City: Anvil Publishing, Inc., 2000.

Tomlison, Carl and Carol Brown. *Essentials of Children's Literature.* Boston: Allyn & Bacon, 2002.

Tugano, Axle Christien. Ang Marikina Sports Complex Bilang Espasyo ng Kasaysayan, Kalinangan, at Palakasang Marikeño. Di-limbag na manuskrito, 2019.

Tugano, Axle Christien. Pagsipat sa Katuturang Historikal ng Isang Akdang Pambatang Iniluwal Ngayong Pandemya. Di-limbag na manuskrito, 2021.

Wilson, Margo and Kay Bishop. "Criteria for Reviewing Children's Books." *Library Resources & Technical Services,* vol. 43, no. 1, 1999, pp. 3-13.